Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

2 Pebrero 2025 | Pagdadala kay Hesus na Panginoon sa Templo | Taon K

World Day for Consecrated Life
Pro-Life Sunday
Day of Prayer & Awareness Against
Human Trafficking



## *Ang Paghahandog kay Hesukristo para sa Paghahari ng Diyos*

*Ipinagdiriwang natin ngayon ang Kapistahan ng Pagdadala kay Hesus na Panginoon sa Templo. Sa ika-apatnapung araw matapos ang Pasko ng Pagsilang ni Hesus ay ginugunita ang pangyayaring ito. Ayon sa Batas ni Moises, ang panganay na lalaki ay dapat dalhin sa Templo upang ialay sa Diyos. Naging kaugaliang magbasbas ng mga kandila upang ipahayag ang pananampalatayang si Kristo ang liwanag na tumatanglaw sa karimlan ng daigdig na ito.*

*Idinaraos din natin ngayon ang Araw ng mga Namamanata sa Diyos. Sila ang mga babae't lalaking nagtalaga ng kanilang mga sarili sa Diyos sa pamamagitan ng mga panata ng kalinisan, karukhaan, at pagtalima. Tungkulin nilang magpatikim sa mga tao ng ligayang malalasap sa piling ng Diyos sa kabilang buhay. Ipanalangin nating magampanan nilang mabuti ang tungkuling ito. Ang pag-aalay sa Sanggol na si Hesus ay magpasidhi sana ng ating pagpapahalaga sa buhay ng tao.*

***PATALASTAS***

*Ang pagdiriwang ng Eukaristiya ngayong araw ay pinasisimulan ng pagbabasbas ng mga kandila. Ito ay ipinapalit sa Ritong Penitensyal / Pagsisisi.*

### ANG PAGBABASBAS AT PAGPUPRUSISYON NG MGA KANDILA

### Panalanging Pambungad

**Aleluya! Dumarating ang Panginoong butihin. Papawiin n'ya ang dilim na tumatakip sa atin. Aleluya! S'ya'y purihin.**

***(Sal 48:9-10)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*** – **Amen!**

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!
***B*** –**At sumaiyo rin!**

### Panimula

***P*** –Mga ginigiliw kong kapatid, apatnapung araw na ang nakalipas buhat nang ating ipagdiwang ang Maligayang Pasko ng Pagsilang ng Panginoon.

Ngayon naman ang dakilang araw ng pagdadala kay Hesus sa Templo. Sa hayagang pagtupad sa utos ng Diyos na itinadhana ni Moises, ang totoong naganap ay ang pakikipagtagpo ng Mesiyas sa mga nananabik na tao para sa kanyang pagdating.

Sa pag-akit ng Espiritu Santo, ang mga banal na matatanda ay naparoon sa Templo. Sa tulong ng tanglaw ng Espiritu Santo, kanilang nakilala ang Panginoon at masaya nila siyang tinanggap. Kaya naman tayo ngayo'y naririto at nagtitipon bilang tugon sa pag-akit ng Espiritu Santo. Tayo'y magpuprusisyon patungo sa tahanan ng Diyos bilang pagsalubong sa Mesiyas. Makaharap at makilala nawa natin siya ngayon sa pagsasalo sa pinaghahati-hating tinapay hanggang sa kanyang maningning na pagpapakita.

### Pagbabasbas sa Kandila

***P*** –Manalangin tayo. Ama naming makapangyarihan, ikaw ang pinanggagalingan ng lahat ng kaliwanagan.

Ang Liwanag na tatanglaw sa lahat ng mga bansa ay iyong ipinakita ngayon sa banal na si Simeon.


Gawin mong banal at basbasan (+) ang mga kandilang ito na hawak-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

hawak ng mga bumubuo sa iyong sambayanan. Sa aming pagdadala nito, kami nawa'y marapatin mong umawit ng pagpupuri para sambahin ang ngalan mo. Sa aming paglakad sa landas ng iyong kabutihan, kami nawa'y loobin mong sumapit sa di magmamaliw mong Liwanag: si Hesukristo na aming Panginoon magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

### Prusisyon

***P*** –Halina't tayo'y lumakad, sa Panginoo'y humarap. Kapayapaan n'yat galak ay taglayin nating lahat. Sumamba't magpasalamat.



### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sa iyong templo, Poong D'yos, aming isinasaloob ang 'yong pag-ibig na lubos. Papuri ng sansinukob sa malasakit mong taos.** ***(Sal 48:9-10)***

### Papuri

***B*** **–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*** **–**Ama naming makapangyarihan, iniluluhog namin sa iyong dakilang kamahalan na katulad ng iyong Anak na naging hindi naiiba sa mga tao at ngayo'y dinala sa iyong banal na templo, kami rin nawa'y maging dalisay at marapat dalhin sa banal na tahanan mo sa pagtitipong ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* –Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Mal 3:1-4***

*Ang ating pagbasa mula sa Aklat ni propeta Malakias ay nagtuturong dadalisayin ng Diyos ang Kanyang bayan sa Kanyang pagdating. Gagawin Niya silang karapat-dapat sa Kanyang paningin. Tayo sana'y maging mga kaaya-ayang alay sa Diyos.*

***L*** **–**Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Malakias

**Ito ang sinasabi ng Panginoong Diyos, "Ipadadala ko ang aking sugo upang ihanda ang daraanan ko. At ang Panginoon na inyong hinahanap ay biglang darating sa kanyang templo. Darating ang pinakahihintay ninyong sugo at ipapahayag ang aking tipan."**

**Ngunit sino ang makatatagal pagdating ng araw na iyon? Sino ang makahaharap pag siya'y napakita na? Siya'y parang apoy na nagpapadalisay sa bakal at parang matapang na sabon. Darating siya para humatol at dadalisayin niya ang mga saserdote, tulad ng pagdalisay sa pilak at ginto. Sa gayon, magiging karapat-dapat silang maghandog sa Panginoon, at ang mga handog na dadalhin ng mga taga-Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-lugod sa kanya, tulad ng dati.**

Ang Salita ng Diyos!
***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 23***

***B* –*Diyos na makapangyariha'y dakilang hari kailanman!***

*R. M. Velez*







*** Ang pintuang luma ay buksan nang lubos, ang dakilang hari ay doon papasok.** ***B.***

*** Ang dakilang haring ito ay sino ba? Siya ay ang Poon, dakilang talaga; Saanmang labanan, tagumpay ay kanya.** ***B.***

*** Ang pintuang luma ay buksan nang lubos, ang dakilang hari ay doon papasok.** ***B.***

*** Ang dakilang hari'y sino bang talaga? Makapangyarihang Diyos at hari siya!** ***B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Heb 2:14-18***

*Ang ating sipi mula sa Sulat sa mga Hebreo ay nagpapahayag ng pagiging Dakilang Pari ni Kristo. Dahil dito ay nakapag-alay siya sa Ama ng handog na tumubos sa kasalanan ng sanlibutan. Ang kanyang inialay ay ang kanyang sariling dugo bunga ng kanyang pagkakatawang-tao at pagpapakasakit sa krus.*

***L*** **–**Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Yamang ang mga anak na tinuturing ng Diyos ay tao, naging tao rin si Hesus, tulad nila – may laman at dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay maigupo niya ang diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan. Sa gayon, pinalaya niya ang lahat ng naging alipin habang panahon dahil sa kanilang takot sa kamatayan. Hindi ang mga anghel ang kanyang mga tinutulungan kundi "Ang lahi ni Abraham." Kaya't kinailangang matulad siya sa kanyang mga kapatid sa lahat ng paraan. Sa gayon, siya'y naging isang dakilang saserdote, mahabagin at tapat, naglilingkod sa Diyos at naghahandog ng hain sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ng tao. Sapagkat siya ma'y tinukso at nagbata, kaya ngayo'y matutulungan niya ang mga tinutukso.**

Ang Salita ng Diyos!
***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Lu 2:32***

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Para sa lahat ng bansa**
**liwanag na nagmumula**

**sa bayan mong dinakila!**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 2:22-32***

*Ang ating pagbasa ay naglalahad ng pagtalima ni Hesus sa Batas ni Moises. Hinayaan niyang siya ay ialay sa Templo nina Maria at Jose. Paggunita ito sa pagtubos sa kamatayan ng mga panganay na anak ng mga Hebreo doon sa Egipto sa pamamagitan ng dugo ng kordero. Mula noon, ang mga panganay na anak ay dapat ding tubusin sa pamamagitan ng pag-aalay ng kordero, batu-bato, o kalapati.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!
***B*** – **At sumaiyo rin!**
***P*** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B*** – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Nang dumating ang araw ng paglilinis sa kanila ayon sa kautusan ni Moises, si Hesus ay dinala ng kanyang mga magulang sa Jerusalem upang iharap sa Panginoon, sapagkat ayon sa Kautusan, "Ang bawat panganay na lalaki ay nakatalaga sa Panginoon." At naghandog sila, ayon sa hinihingi ng Kautusan ng Panginoon: "Mag-asawang batu-bato o dalawang inakay na kalapati."**

**May isang tao noon sa Jerusalem, ang pangala'y Simeon. Matapat at malapit sa Diyos ang lalaking ito at naghihintay sa katubusan ng Israel. Sumasakanya ang Espiritu Santo na nagpahayag sa kanya na hindi siya mamamatay hangga't hindi niya nakikita ang Mesias na ipinangako ng Panginoon. Sa patnubay ng Espiritu, pumasok siya sa templo. At nang dalhin doon ng kanyang mga magulang ang sanggol na si Hesus upang gawin ang hinihingi ng Kautusan, siya'y kinalong ni Simeon. Ito'y nagpuri sa Diyos, na ang wika: "Kunin mo na, Panginoon, ang iyong abang alipin, ayon sa iyong pangako, yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, na inihanda mo para sa lahat ng bansa: Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil, at magbibigay-karangalan sa iyong bayang Israel."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B*** – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** – Tayo ay nagagalak sa pag-aalay kay Hesus sa Templo. Humingi tayo ng tulong upang tayong itinalaga rin sa Diyos sa sakramento ng Binyag ay maging tapat sa tuwina at maghasik ng liwanag sa daigdig.

***B*** – **Diyos na bukal ng liwanag, dinggin Mo kami!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging masugid silang tagapagdala ng liwanag sa daigdig at mapangatawanan nila ang kanilang pagkakatalaga sa Diyos, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa lahat ng mga Kristiyano sa mundong ibabaw, upang sa taong ito ng Ekumenismo ay makapagdala sila ng ilaw sa mundo sa pamamagitan ng kanilang pagtahak sa landas tungo sa pagkakaisa, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang sa panahon ng kagipitang dulot ng maraming suliranin ng ating bayan ay matugunan nila ang pangangailangan ng lahat, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa mga babae at lalaking nagtalaga ng sarili sa Poong Maykapal, upang maging matatag sila sa kanilang mga sinumpaan at tumulong sa paggapi ng kadiliman sa ating panahon, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang magningas sa puso ng bawat isa sa atin ang apoy ng katapatan sa Diyos at nang ating maikalat ang Kanyang liwanag sa ating paligid, manalangin tayo sa Panginoon! ***B.***

* Upang ang pamayanang Kristiyano ay matutong tumanggap at umunawa sa mga naisin at pagaalinlangan ng mga Kabataang nakakaramdam ng panawagang makisama sa misyon ng Panginoong Hesukristo sa pagpapari o pagiging relihiyoso, manalangin tayo. ***B.***

***P*** – Ama naming mapagpala, isinugo Mo ang Iyong Anak bilang liwanag ng sanlibutan. Puspusin Mo kami ng Banal na Espiritu at nang aming mapangatawanan ang aming pagkakatalaga sa Iyong Ngalan. Hinihiling namin ito sa pamamagitan na rin ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon!
***B*** – **Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo . . .
***B*** – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, nawa'y maging kalugud-lugod sa iyo ang paghahaing ito ng iyong nagagalak na Sambayanan. Niloob mong para sa ikabubuhay ng sanlibutan ay maihandog ang tupang maamo at walang bahid-dungis, si Hesukristo na iyong Anak at aming Panginoon magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen!**

### Prepasyo

*P* –Sumainyo ang Panginoon!
**B –At sumaiyo rin!**
*P* –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
**B –Itinaas na namin sa Panginoon!**
*P* –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
**B –Marapat na siya ay pasalamatan!**
*P* – Ama naming makapangyarihan tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ngayo'y dinala sa iyong templo ang Anak mong dati nang di iba sa iyo. Siya ang nagbibigay-karangalan sa Israel na iyong bayan. Siya ang ipinahayag ng Espiritu Santo bilang Liwanag na tatanglaw sa lahat ng tao.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo ng walang humapay sa kalangitan kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

**B–Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG



**B – Ama Namin . . .**
*P* – Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ngayon nga po ay nakita nitong aking mga mata, kaligtasa'y narito na, pangako n'yo noong una, lunggati nami't pag-asa.**
***(Lu 2:30)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P*–Ama naming mapagmahal, sa pagtanggap namin ng pakikinabang nawa'y mapasaaming lubusan ang iyong kagandahang-loob na kinamtang ganap ni Simeon noong matupad ang kanyang inaasam na huwag munang mamatay hanggang hindi nakikita ang Mesiyas. Marapatin mo ring aming makamtan ang walang maliw na buhay sa pagtahak namin sa landas ng pakikipagtagpo sa aming Panginoong Hesukristo ngayon at magpasawalang hanggan.
**B–Amen!**

## PAGWAWAKAS



*P* –Sumainyo ang Panginoon.
**B –At sumaiyo rin!**
*P* –Basbasan nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak at Espiritu Santo.
**B –Amen!**
*P* –Humayo kayong mapayapa at paglingkuran ang Panginoon.
**B –Salamat sa Diyos!**

## WALANG BAWIAN; WALANG IWANAN

*Kalakbay at Katoto*

Napakayaman ang mga pagbasa ngayon. Pero lalong pinagyaman dahil ngayon ay Araw ng mga Nagtalaga ng Sarili sa Diyos sa pagiging relihiyoso sa Iglesya Katolika. Bukod rito, ngayon ay araw kung kailan natin pinahahalagahan ang buhay, at araw din kung kailan ipinagtataguyod natin ang pagtutol sa tinatawag na *human trafficking*.

Tama lang, sapagka't ngayon ay ika-apatnapung araw matapos ang Pasko ng Pagsilang. Ang bagong silang na sanggol ay buhay na pinahalagahan ni Jose at ni Maria. Ayon sa tradisyon, ang unang iniluwal ng isang babae ay dapat tubusin, ika nga, sa Diyos. Ito ang diwa ng pagdadala ng sanggol sa templo. Ang buhay ay malinaw na kaloob ng Diyos at pag-aari ng Diyos na dapat tubusin sa Kanya. Ito ang ginawa ni Maria at Jose.

Pero may dalawang aspeto ang pangyayari sa araw na ito: pagdadala *(presentacion)* at pagdadalisay *(purificacion)*. Ang unang luwal na sanggol ay inialay sa Diyos. At ang nagluwal ng sanggol ay dinalisay matapos manganak. Ang pokus sa una ang ang Anak ng Diyos. Ang pokus ng ikalawa ay ang Ina ng Diyos, si Maria.

Pero ang lumulutang na aral para sa atin ay ito. Pag nagbigay ang Diyos, walang bawian. Ang kaloob ng Diyos ay sa Diyos pa

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

rin kahit ipinagkaloob para sa ating kabutihan. Kinilala ni Maria at Jose at katotohanang ito. Ang sa Diyos ay sa Diyos. Walang bawian, at walang iwanan.

Ano ang patunay natin dito? Ang katotohanang hindi binanggit sa Ebanghelyo – na nagbayad si Maria at Jose ng limang skekels para sa sanggol. Liksyong maliwanag ito sa ating mga maramot at mapagkabig na mga tao. Malimit, ay hindi natin man lamang kinikilala ang kaloob ng Diyos. Hirap tayong magpasalamat man lamang. Tularan natin si Maria at Jose. Kumilala. Nagtalaga. Naghatid. Nagdala sa sanggol, sapagka't kinilala nilang sila ay pinagpala. At pati si Simeon na tanders ay kumilala rin sa dakilang biyaya ng Diyos sa kanyang katandaan! Tayo kaya?

---

